

# Exemption sa Pagbabayad ng Pautang mula sa Temporary Loan Emergency Fund tulad ng Emergency Small Amount Fund atbp

Para sa mga pondong itinatukoy dito, maaari kayong mabigyan ng “exemption sa pagbabayad ng kautang na suportang pinansyal (hindi na kinakailangang ibalik ang hiniram)” kung matutugunan ang mga kondisyon na itinakda ng gobyerno. Maaaring mag-apply para sa exemption sa taong 2024 kung ikaw (ang humiram) at inyong ulo ng tahanan ay parehong *hikazei* (hindi na kailangang magbayad ng buwis) na may exemption sa pagbabayad ng itinalagang lokal na buwis o *juminzei* at ng income tax para sa taong piskal ng 2024.

\* Sa pagkakataon na ikaw (ang humiram) mismo ang “ulo ng tahanan,” kung *hikazei* (hindi na kailangang magbayad ng buwis) na may exemption sa pagbabayad ng itinalagang lokal na buwis o *juminzei* at ng income tax, maaari kayong mag-apply para sa exemption.

Ipapaliwanag dito kung exempted ba kayo o hindi sa pagbabayad ng kautang, o kung ano ang kailangang gawin upang makatanggap ng exemption, kaya mangyaring basahin ito nang mabuti at isagawa ang kinakailangang proseso.


## 1 Mangyaring tiyakin ang inyong ginamit na pondo

| Uri ng pondong pinautang                         | Loan period o panahon ng paghiram | Pinakamataas na halaga ng kautang                                                                                                               |
|--------------------------------------------------|-----------------------------------|-------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| Emergency Small Amount Fund                      |                                   | 200,000 yen                                                                                                                                     |
| Comprehensive Support Fund (Pangunang kautang)   | Ika-1 hanggang ika-3 buwan        | Para sa mag-isang naninirahan sa tahanan, 150,000 yen bawat buwan                                                                               |
| Comprehensive Support Fund (Extended loan)*      | Ika-4 hanggang ika-6 na buwan     | Para sa 2 o higit pa ang naninihirahan sa tahanan, 200,000 yen bawat buwan                                                                      |
| Comprehensive Support Fund (Muling pagpapautang) | Ika-1 hanggang ika-3 buwan        | Para sa mag-isang naninirahan sa tahanan, 150,000 yen bawat buwan<br>Para sa 2 o higit pa ang naninihirahan sa tahanan, 200,000 yen bawat buwan |

\* Ang “extended loan” ay ekstensyon ng kautang kung saan pinalawig (patuloy na paggamit) ang loan period para sa pangunang kautang. Para ito sa mga kautang na tinanggap mula Hulyo 2020 hanggang Hunyo 2021.




## 2 Halaga na Napapailalim sa Exemption sa Pagbabayad ng Pautang




\*Hindi sakop ang mga Emergency Small Amount Fund na natakda ng bayaran hanggang Disyembre 2024.


Halimbawa (1) Sa kaso kung saan nakatakdang babayaran sa loob ng 10 taon mula Enero 2023 ang Comprehensive Support Fund (pangunang pautang) sa halagang 600,000 yen




Halimbawa (2) Sa kaso kung saan nakatakdang babayaran sa loob ng 5 taon mula Hunyo 2023 ang Comprehensive Support Fund (pangunang pautang) sa halagang 450,000 yen



Halimbawa (3) Sa kaso kung saan nakatakdang babayaran sa loob ng 10 taon mula Enero 2024 ang Comprehensive Support Fund (Extended loan) sa halagang 450,000 yen



### 3 Mangyaring tiyakin kung maaari kayong tumanggap ng exemption sa pagbabayad ng pautang



1 Hindi maaaring tumanggap ng exemption → Tumuloy sa 6

2 Maaring mag-apply para sa exemption → Tumuloy sa 4

3 Tiyakin kung *hikazei* o exempted kayo sa pagbayad ng lokal na buwis sa taong piskal ng 2024 → Tumuloy sa 5

4 Tiyakin kung *hikazei* o exempted ang inyong ulo ng tahanan sa pagbayad ng lokal na buwis sa taong piskal ng 2024 → Tumuloy sa 5

\* Kung iba ang nagsilbing ulo ng tahanan noong nag-apply para sa pautang, maaaring kailanganing magsumite ng mga karagdagang dokumento.

### 4 Paraan ng aplikasyon para sa exemption ng pagbabayad sa pautang na suportang pinansyal

● Deadline ng aplikasyon

Ika-31 ng Agosto 2024 (ayon sa nakatatak na araw sa sobre)

● Mga Kailangang Dokumento

(1) Application form para sa exemption (tingnan ang nakalakip na dokumento 2)

(2) Residence certificate o *juminhyo* (na-issue sa loob ng 3 buwan at nakalista ang lahat ng miyembro ng inyong tahanan)

(3) Sertipiko ng exemption sa buwis o *hikazei* shomeisho para sa piskal na taon ng 2023 (Ang halaga na hindi nakamarka ng\*)

\* Kung kailangan ng tulong sa pagsagot ng (1), sumangguni sa support center para sa temporary loan emergency fund, o sa Council of Social Welfare ng inyong tinitirhang lunsod o munisipyo.


● Tagatanggap ng aplikasyon

〒119-0213 Tokyo Council of Social Welfare Support center para sa temporary loan emergency fund

\* Hindi kailangang lagyan ng inyong address.

\* Ipasok sa nakalakip na asul na sobre (hindi kailangang lagyan ng stamp) ang (1) (2) at (3) at ihulog sa post office.

## 5 Paraan kung paano tiyakin ang katayuan tungkol sa lokal na buwis o *juminzei*



● Kung *hikazei* o *exempted* sa taong piskal ng 2024 → Tumuloy sa **4**

● Kung *kazei* o *hindi exempted* sa taong piskal ng 2024 → Tumuloy sa **6**

## 6 Kapag hindi nabigyan ng exemption sa pagbabayad ng pautang na suportang pinansyal

Padadalhan kayo ng sulat bago magsimula ang pagbabayad ng pautang. Kung sakaling lumipat, nagbago ng tirahan, atbp, mangyaring ipaalam sa Special Loan Administration Center at ipadala ang alinman sa sumusunod: *juminhyo*, kopya ng driver's license, kopya ng inyong My Number card, o kopya ng inyong residence card.

\*Kailangang nakasulat ang inyong luma at bagong tirahan.

## 7 Pagkatapos isagawa ang aplikasyon para sa exemption sa pagbabayad ng pautang na suportang pinansyal

Aming ipagbibigay-alam sa inyo kung makakatanggap ng exemption sa pagbabayad mula sa katapusan ng Setyembre 2024. Para sa mga hindi nakatanggap ng exemption, ipapaalam namin sa inyo ang tungkol sa exemption sa susunod na taon, kaya mangyaring ipaalam sa amin kung lumipat o nagbago ang inyong tirahan.

### Para sa mga katanungan:

〒119-0213 Tokyo Council of Social Welfare

Support Center Para Sa Temporary Loan Emergency Fund

☎ 050-3668-5012

(Oras ng pagtanggap ng tawag: Lunes hanggang Biyernes 9:30 AM – 5:30 PM)

<https://www.tcs.w.tvac.or.jp/coronatokurei/index.html>

